# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 20, 2023, LUNES, IKA-10:00 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 11/29/23
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
29 NOV 2023
Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 391-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 5-T2023 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL NA NAGPAPALIT NG PROYEKTONG CONSTRUCTION OF OPEN CANAL @ SITIO BOUGAINVILLA, BRGY. SAN PABLO SUR PARA MAGING CONSTRUCTION OF CANAL @ SITIO ROSAS, BRGY. SAN PABLO SUR PARA SA PONDO NG 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND (MDF) 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PHP1,000,000.00 PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan Edgar San Luis tungkol sa paksang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang naturang kapasiyahan ay iniliwat sa Lupon sa Pagawaing Bayan, Inpraestraktura at Elektripikasyon, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** sa isinagawang pagtalakay ng mga lupon, naging malinaw na ang paglilipat sa Sityo Rosas ay dahil sa nagawa na ang open canal sa Sityo Bougainvilla, ngunit pareho pa rin ang halaga ng pagawain, kaya't inirekomenda ng lupon na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Pagawaing Bayan, Inpraestraktura at Elektripikasyon), na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 5-T2023 ng Municipal Development Council na nagpapalit ng proyektong Construction of Open Canal @ Sitio Bougainvilla, Brgy. San Pablo Sur para maging Construction of Canal @ Sitio Rosas, Brgy. San Pablo Sur para sa pondo ng 20% Municipal Development Fund (MDF) 2023 na nagkakahalaga ng Php1,000,000.00 para sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 20, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

11/28/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

11/28/23